



Alinsunod sa mga regulasyon, mula Biyernes, 18.9 ng 14:00 hanggang 1.10 ang mga sumusunod na paghihigpit ay ipinatupad:

A. Mga paghihigpit ayon sa pag-alis sa lugar ng tirahan

Pinapayagan na umalis sa lugar ng tirahan, hanggang sa distansya na 1000 metro lamang.

Pinapayagan ang pag labas sa pampublikong espasyo o lugar {kabilang ang mga parke, mga parke na pambata at parkeng palaruan para sa mga bata} sa distansya na 1000 meters.

Bilang karagdagan, maaaring lumampas sa saklaw na 1000-meter na distansya alinsunod sa mga sumusunod na layunin o panukala:

- Pagpasok ng isang empleyado sa trabaho/ sundalo sa kanyang pinagtatrabahuhan
- Pagbili ng mga gamot, pagkain at mga mahahalagang produkto at serbisyo
- Pagtulung sa isang tao na may kapansanan o pag kabalisapag
- Panggagamot sa medisina, panggagamot sa sikolohikal, komplimentaryong panggagamot (na may isang pasyente lamang) at pag-access sa mga balangkas ng kapakanan at mahahalagang pangangalaga sa lipunan
 - Pagpunta sa Knesset, /demonstration/ legal na pag lilitis/ pag donate ng dugo
 - Ang paglabas para sa isang aktibidad na pampalakasan ng isang indibidwal o mga taong nakatira nang magkakasama sa isang tirahan - nang walang limitasyon sa distansya, at naayon na ang pagpunta sa aktibidad ay mula sa lugar ng tirahan, na hindi gamit ang sasakyan o kotse.
 - Pag-alis upang dumalo sa isang libing o pag tutuli
 - Ang pag labas ng isang babae para pumunta sa Mikveh
 - Isang pinuno (cantor o shofar blower) na tumanggap ng pahintulot mula sa Ministry of Religious Affairs na lumahok sa mga panalangin ng mga banal na araw.
 - Mahalagang pangangalaga para sa mga hayop
- Pag lipat ng isang batang menor de edad na ang mga magulang ay naninirahang separado, Ang paglilipat ng isang menor de edad sa isang solong magulang na kinakailangang lumabas para sa isang mahalagang pangangailangan, para sa pagbabantay ng ibang tao.
- Pagdating sa isang pang-edukasyon na balangkas sa araw na pinapayagan ang mga aktibidad (Espesyal na edukasyon, mga anak ng mga essential na manggagawa)
- Pag-alis sa paliparan para sa isang flight sa labas ng Israel, 8 oras bago ang flight
- Pag-alis ng mga nangungupahan sa mga balangkas ng kapakanan, na may mga kapansanan, Para sa mga pagbisita sa mga kamag-anak sa unang degree, at mga pagbisita ng mga miyembro ng pamilya.
- Pag-alis para sa isang seremonyang memorial na araw para sa mga biktima ng Unang Digmaang Pandaigdig ng mga miyembro ng isang pamilya sa unang degree.



Paglilina na ang paglabas upang manalangin, kahit na ayon sa balangkas sa mga sa mga alituntunin para sa pistang opisyal na araw - ay napapailalim pa rin sa isang limitasyon sa distansya na 1000 metro

Sa mga araw mula Huwebes sa Tishrei (23.9.20) hanggang sa ikalabintatlong araw ng Tishrei (1.10.20), Pinapayagan na umalis sa lugar ng tirahan na ang layunin ay pagbili ng apat na species {4 minim para sa sukkot}, Ang mga produkto para sa pagtatayo ng isang sukkah pati na rin para sa pagtalima ng kaugalian ng pagbabayad-sala {kaparot}. Sa oras din na ito ay pinapayagan na magbukas ang isang tindahan para sa pagbebenta ng nasa itaas o isang lugar na ginamit para sa pagsasagawa ng ritwal pagtubos ng mga kasalan { kaparot}.

B. Limitasyon ng pananatili sa isang lugar

- Mahigpit na pinag babawal ang pananatili sa tirahan ng ibang tao { na hindi naayon sa mga pinapahintulatang mga layunin, liban sa pag sasagawa ng trabaho essential na gawain, o pag tulong sa isang tao na may kapansanan.
- Mahigpit na pinag babawal ang pananatili sa mga beach tabing dagat, liban lamang sa pag sasagawa ng mga akitibidad na pang palakasan lamang {ng isang tao, mga tao na naninirahan sa isang bahay, pagdating sa lugar na tirahan na hindi gamit ang sasakyan o kotse}

C. Mga panuntunan sa pag-uugali sa pampublikong lugar

- Pagbabawal ng mga pagtitipon – tipon - hanggang sa 10 katao sa isang saradong gusali at 20 sa isang bukas na lugar
- Panatilihin ang distansya ng 2 metro sa pagitan sa bawat isa hangga't maaari
- Mga paghihigpit sa bilang ng mga pasahero sa sasakyan – hangang 3 katao lamang {liban lamang sa mga tao na naninirahan sa iisang bahay}, bilang karagdagan sa mga upuan sa may likuran ng sasakyan.

D. Mga paghihigpit sa mga aktibidad sa komersyo, libangan at paglilibang

- Ipinagbabawal ang mga negosyo at lugar na bukas sa publiko (Kasama ang mga pang commercial, restaurante, swimming pool, Fitness center, hairdresser, beauty salon, entertainment at libangan, mga hotel) At pagtanggap ng mga madla sa lugar ng trabaho. Walang limitasyon sa empleyado na pumasok sa lugar ng negosyo, na ang layunin hindi pagbubukas sa publiko Halimbawa para sa pagsasagawa ng pagpapanatili ng trabaho maintenance , pag-aayos ng mga kalakal, atbp.)

Mga hindi pang karaniwang Gawain :

- **Mga essential na mga tindahan:** Mga grocery store, optika, parmasya at mga produkto sa kalinisan, mga produkto sa pagpapanatili ng bahay, laundry, mga produkto ng komunikasyon at laboratoryo para sa pag-aayos ng mga produktong komunikasyon at computer
- **pagtanggap ng mga madla para sa mahahalagang Gawain o lugar or essential na lugar ng trabaho,** patungkol sa mahahalagang serbisyo na hindi maaring maisagawa sa pamamagitan ng malayuang Gawain tulad ng mga {serbisyo sa koreo, bangko, atbp.)



- **Mga unit ng hotel at tirahan** - Kapag ang lugar ay ginagamit bilang isang alternatibong tirahan (Mahaba o maikling panahon) Para sa mga nagrenta ng lugar (Hal. Mga dayuhang manggagawa, atbp.) na di nangangailangan ng pampublikong lugar Mga pool atbp; bilang karagdagan, para sa di pang karaniwang mga layunin o alituntunin kabilang na dito ang mga hotel na kung saan ginagamit para sa isolation o pagkakabukod bukod, O mga hotel na inilaan para sa paggamit ng mga pasyente at pamilya, para sa isang institusyong medikal.
- **Isang lugar na ginamit para sa pagsasanay ng isang propesyonal na atleta,** na aprobado ng Director General ng Ministry of Culture and Sports

Pag lilinaw - na ang mga tindahan lamang ng pagkain at mahahalaga or essential na mga tindahan na nakalista sa itaas ang pinapayagan na mag bukas , sa loob ng isang mall o palengke .

E. Mga balangkas sa pag sasagaw ng mga dasal sa araw ng Rosh Hashana at Yom Kippur

Pinapayagan na dumalo sa isang lugar na kung saan ang mga pampublikong pagdarasal ay gaganapin sa loob lamang 1000 metro mula sa lugar ng tirahan.

Sa isang bukas na espasyo o lugar - sa isang pangkat na hanggang sa 20 katao,

Na may distansya sa pagitan ng bawat tao at paglalagay ng pisikal na marka sa pamamagitan ng paglalagay ng isang walang laman na upuan {empty chair} sa pagitan ng mga taong na hindi naninirahan sa iisang bahay at hindi pinapayagan ang pag hahain ng mga pagkain.

Sa istraktura – mga upuang nakalaan sa isang complex para sa mga permanenteng grupo hangang sa 25/10 na Nakasalalay sa orange / red area), Ang mga partisyon ng naylon sa pagitan ng mga enclosure, Pagpapatatili ng distansya sa pagitan sa loob ng complex, Ang paglalagay ng isang karatula sa bilang ng mga sumasamba na pinapayagan ayon sa Laki ng lugar, At mga patakaran sa pagpapatupad, pinapanatili 2 upuan ang distansya sa pagitan ng bawat tao na hindi uupo na mag kakatabi – tabi, at mahigpit na pinag babawal ang pag seserve o pamimigay ng mga pagkain.

Pinahintulutan ang pag sasagawa ng pagdarasal sa isang gusali sa Piyestang Opisyal:

- Sa pulang lugar - para sa unang 2 pagpasok hanggang sa 30 katao, Para sa bawat karagdagang entry hangang 20 tao.
- Sa lugar na kulay kahel - 50 katao para sa bawat pagpasok.

Sa lahat ng sitwasyon- Ang bilang ng mga tao ay hindi dapat lumagpas sa ratio ng isang tao bawat 4 metro kuwadradong lugar na itinalaga para sa pagdarasal.